# Manatili sa loob ng mga limit o hangganan ng FDIC at ang inyong mga deposit account ay 100% ligtas at tiwasay.




## Pinadadali ito ng EDIE.

Ang EDIE (Electronic Deposit Insurance Estimator) ay madaling hanapin at gamitin. Pumunta lamang sa www.FDIC.gov/EDIE at i-clik ang Use Edie Now button para magsimula. Para hindi magtagal, maghanda ng isang listahan ng inyong mga deposit account sa inyong bangko at ang halagang naipon ninyo sa bawat account. Kung mayroon kayong mga joint account o mga trust account na may mga benepisyaryo, ilista din ang mga pangalang iyon.

Ipasok ang inyong impormasyon sa EDIE. Ligtas iyon. At sa ilang sandali lamang, malalaman ninyo kung lumampas kayo o hindi sa mga limit o hangganang nasasakupan ng FDIC. Kung hindi, ituturo kayo ng EDIE sa impormasyong makakatulong sa inyo. Wala ba kayong online access? Para sa tulong, tumawag nang libre sa 1-877-ASK-FDIC.



## Mas ligtas ang inyong pera kung mas marami kayong alam tungkol sa seguro ng FDIC.

Simula noong 1934, pinangangalagaan na ng FDIC ang perang inilagak ng mga depositor sa mga bangko. At sa buong panahong iyon, walang sinuman ang nawalan ni isang sentimo ng mga nakasegurong deposito kahit kailan.

Pero tulad rin ng anumang uri ng seguro, kailangang maintindihan ninyo kung paano ito isinasagawa at kung paano manatili sa loob ng mga limit o hangganan ng sakop, upang magkaroon ng ganap na proteksiyon. Maraming mga katotohanan tungkol sa seguro ng FDIC na dapat malaman ng bawat depositor. Tinatawag namin ang mga iyon ang Pormal na Pahayag Tungkol sa mga Karapatan ng Depositor (Depositor's Bill of Rights). Nakalista ang mga iyon sa likod ng polyetong ito. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.FDIC.gov/EDIE.

Mas ligtas ang inyong pera kung mas marami kayong alam. | FDIC



# Ligtas ba ang lahat ninyong pera? Pumunta sa EDIE The Estimator at alamin ngayon.

**Ang EDIE ay isang online tool, simple at madaling gamitin. Sa iilang hakbang, matutulungan kayo ng EDIE na tiyakin na lahat ng pera ninyo sa bangko ay 100% na isineguro ng FDIC. Kung ang inyong pera ay ganap na nakaseguro, hindi kayo mawawalan ni isang sentimo ˜anuman ang mangyari˜ dahil ang inyong mga deposito ay itinataguyod nang may buong tiwala at kredito ng pamahalaan ng Estados Unidos.**

Pumunta ngayon sa EDIE

sa www.FDIC.gov/EDIE



# Pormal na Pahayag FDIC Tungkol sa mga Karapatan ng Depositor (Depositor's Bill of Rights)

## May karapatan kayo na:

1. Masakop ng awtomatikong seguro sa deposito kapag nagbukas kayo ng isang deposit account sa isang bangkong sineguro ng FDIC, na walang karagdagang kilos mula sa inyo.
2. Magkaroon ng mga magkakahiwalay na sakop ng seguro ng FDIC para sa mga depositong nasa iba't ibang bangkong sineguro ng FDIC.
3. Tiyakin na ang bangko ay nakaseguro, sa pamamagitan ng paggamit ng Bank Find ng FDIC sa www.FDIC.gov/bankfind o sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa 1-877-ASK-FDIC.
4. Masakop ng seguro ng FDIC na hindi bababa sa $250,000 para sa inyong mga deposito sa isang bangkong sineguro ng FDIC.*
5. Masakop ng seguro para sa mga deposito na higit sa $250,000 sa iisang bangko, kapag ang inyong mga deposito ay nasa iba't-ibang mga katergoriya ng pagmamay-ari, tulad ng mga single, joint at trust account.*
6. Tiyakin na ang inyong mga deposito ay nasa loob ng mga limit o hangganan ng seguro sa pamamagitan ng paggamit ng EDIE The Estimator sa www.FDIC.gov/EDIE o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-ASK-FDIC.
7. Maging talastas kung ang isang produktong pinansiyal na inaalok ng inyong bangko ay hindi sakop ng seguro ng FDIC.
8. Maabot nang mabilis ang inyong nakasegurong deposito kung sakaling magsara ang inyong bangko.
9. Mabigyan ng bahagi ng mga nalikom mula sa receivership kung kayo ay isang depositor na hindi nakaseguro, ayon sa makakayanan mula sa mga naibentang ari-arian.
10. Matulog nang mahimbing, sapagkat batid ninyo na mula pa noong itatag ang FDIC noong 1934, walang sinumang depositor ang nawalan ng ni isang sentimo ng nakasegurong deposito kahit kailan.

*Pansinin: Mula Disyembre 31, 2010 hanggang Disyembre 31, 2012, sa lahat ng mga institusyong isineguro ng FDIC, ang mga depositong nasa mga transaction account na hindi kumikita ng interes ay magiging ganap na nakaseguro, anuman ang halaga na nasa account.

FDIC-035-2011

# Huwag mawalan ni isang sentimo kahit kailan.



Mas ligtas ang inyong pera kung mas marami kayong alam.

FDIC